THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 48* Nobyembre 27 - Disyembre 3, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.



PUBLIC ANNOUNCEMENT!!!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2

Minimal on- site capacity

(applying work from-home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

Activities and Establishment

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Maigting na kampanya kontra iligal na droga sa Metro Manila, tuloy sa paggulong

sundan sa pahina 11

# DRUG SUSPECT, ARESTADO; PHP102M SHABU, KUMPISKADO SA CALOOCAN CITY

sundan sa pahina 3



## PULISYAPEDIA

**Bakit "people" ang plaintiff sa isang criminal case?**

Criminal case ang isang kaso kung ang case title nito ay kadalasang nagsisimula sa "People of the Philippines versus." Bakit "People" at hindi ang aggrieved party ang nakapangalan sa kaso? Ito ay dahil ang isang krimen ay pagkakasala sa lipunan. Ito ay paglabag sa kaayusan at kaligtasan ng lipunan sa pangkalahatan. Samakatuwid, ang paglabag sa batas kriminal ay hindi lamang laban sa isang partikular na tao kundi sa buong sangkatauhan dahil potensyal na panganib ito sa lahat. Testigo lamang ng estado ang pribadong taong paksa ng krimen.

JOINT TASK FORCE CV SHIELD
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

E - SUMBONG



E - SUMBONG SMS Hotline
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN DIONARDO B CARLOS

# Day Care Center na itinayo ng R-PSB sa Davao del Sur, pinasinayaan




**Pinasinayaan at pormal nang naiturn-over ang itinayong "Pluto Day Care Center" ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Team Managa sa pangunguna ng Team Leader na si PLt Shiela Mae Pansoy sa Purok Pluto, Brgy. Managa, Bansalan, Davao del Sur nitong Disyembre 30, 2021.**

Pinangunahan ni PCol Edgar Alan O Okubo, Deputy Regional Director for Administration ng PRO11 ang blessing at turn-over ng "Pluto Day Care Center" kasama ang Lokal na Pamahalaan ng Bansalan, mga opisyales ng barangay at Day Care Center Teacher na si Bb. Gretchen Sood.

Bago pa man marating ang nasabing Purok ay kinakailangan munang maglakad ng mahigit isang oras, kaya naman malaki ang naging pasasalamat ng mga magulang ng mga kabataan dahil sa mas mapapadali at magiging ligtas ang pagpasok ng kanilang mga anak sa paaralan dahil inilapit na ng R-PSB Team Managa ang paaralan sa kanilang lugar na talaga namang hindi matatawaran.



Pinapurihan ni PCol Okubo ang patuloy at masigasig na pagganap at paggawa ng R-PSB Managa ng iba't ibang Quick Impact Projects (QIPs) para itaguyod ang kapakanan at kaunlaran ng bawat residente sa kanilang nasasakupan.

Ang natatanging pagsisikap at kontribusyon ng R-PSB Team Managa sa komunidad at pagbibigay tulong at solusyon sa mga pangangailangan ng mga residente ay nakapaloob sa Retooled Community Support Program (RCSP) sa ilalim ng mandato ng E.O. 70 (ELCAC).

# Scholarship, iginawad ng Police Regional Office 3 sa anak ng mga magigiting na Pulis



**Nagawaran ng scholarship ang mga anak ng mga pitong (7) magigiting na kapulisan ng Police Regional Office 3 (PRO3) na ginanap sa Camp Julian Olivas, San Fernando, Pampanga noong Nobyembre 29, 2021.**

Ang nasabing scholarship ay isang programa ng PRO3 Scholarship Foundation, Incorporated na nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga benepisyaryo ng Uniformed at Non-Uniformed personnel na nasa Elementarya, Secondarya at Kolehiyo.

Pahayag ni Police Brigadier General Matthew P. Baccay, Regional Director ng PRO3, "Ang tulong pang-edukasyon na ito ay isang malinaw na pagpapakita ng Pambansang Pulisya ng buong suporta sa kapakanan ng mga kapulisan at ng kanilang mga mahal sa buhay".

Samantala, nagpahayag naman ng buong-pusong pasasalamat ang mga magigiting na pulis sa iginawad na scholarship. Ipinangako nila na pagbubutihin ng kanilang mga anak ang pag-aaral para maipakita na deserved nila ang benepisyong ito.

# Pangkabuhayan showcase, handog ng Cagayan Police Provincial Office

**Nakatanggap ng pangkabuhayan showcase ang 136 na pamilya ng Barangay Cabuluan, Alcala, Cagayan sa ilalim ng Project ARUGA (Allocation of Livestock for the Economic Recovery of the indigent families through United Government Approach) ng Cagayan Police Provincial Office (CPPO), kahapon Disyembre 1, 2021.**

**Naging katuwang ng PNP ang Department of Science and Technology (DOST) Region 2 at Department of Agriculture (DA) 2 sa pagpapaabot ng tulong sa mga benepisyaryo.**

**Pinangunahan ni Police Colonel Renell R Sabaldica, Provincial Director ng CPPO, ang pamamahagi ng mga naturang sisiw. Bawat pamilya ay nakatanggap ng isang dosena o 12 na sisiw na kanilang palalakihin at pararamihin upang magsilbing kanilang pangkabuhayan. Nasa 1572 na sisiw ang naipamahagi ng naturang proyekto.**

**Dumalo rin sa programa sina Police Lieutenant Emil Q Pajarillo; Police Captain Sharon C Mallillin; Pastor Danny Punay, Regional Coordinator, My Brother's Keeper-Life Coach; Ferdinand Michael B Magusib, Science Research 1, DOST; George Taguinod, kinatawan ng DA; Janette Bagain, Principal, Cabuluan Elementary School; mga opisyales ng barangay sa pangunguna ni Kapitan Rufo Baculi; at mga Barangay Health Workers.**




**Samantala, nagsagawa rin ng feeding program para mga dumalo at namahagi ng Alternative Learning System T-Shirts at Starbook sa Cabuluan Elementary School.**

**Ayon kay PCol Salbadica, layon ng proyekto na ihatid ang serbisyo ng pamahalaan lalo na sa mga liblib na lugar na binibisita ng mga teroristang grupo.**

# Drug suspect, arestado; Php102M shabu, kumpiskado sa Caloocan City

**Kumpiskado ang Php102M na halaga ng shabu sa isinagawang joint buy-bust operations ng mga operatiba ng SOU 7 at Intelligence and Foreign Liaison Division PNP DEG, Customs Intelligence and Investigation Services, Intelligence and Investigation Section PDEA, PDEA NCR, National Intelligence Coordinating Agency NCR, Regional Drug Enforcement Unit NCRPO, Regional Intelligence Division NCR, CIDG-NCR, Northern Field Unit at Caloocan City Police Station na nagresulta sa pagkakaaresto ng isang (1) drug suspect sa Baesa Road, Barangay 161, Zone 14, District 1, Caloocan City bandang 12:20 ng madaling araw ng Nobyembre 29, 2021.**



Ayon kay Police Brigadier General Remus B. Medina, Director, PNP DEG, kinilala ang suspect na si Randy Rafael Rodriguez aka RR, 42 taong gulang, binata at residente ng No. 2279 P. Dandan Street, Pasay City.

Nakumpiska sa nasabing operasyon ang humigit kumulang 15 kilo ng puting crystalline substance na pinaghihinalaang shabu na may tinatayang halaga na Php102,000,000 na nakalagay sa Chinese Teabags, 10 bugkos ng boodle money na ginamit bilang buy-bust money at isang (1) unit ng cellular phone.


Si Rodriguez ay napag-alamang nagtatrabaho sa isang Chinese personality na nakilala lamang sa alyas na "Lim" na siyang distributor ng iligal na droga sa Metro Manila at karatig lugar.

Ang nasabing suspect ay nahaharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 habang ang mga nakumpiskang ebidensya ay nasa kustodiya na ng SOU-NCR, PNP DEG para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

Pinuri ni PBGen Medina ang PNP-DEG sa matagumpay na operasyon at sinabing, "Ang ating mga kapulisan ay hindi dapat magiging kampante laban sa iligal na droga sa bansa. Kaya, asahan ang malawakang operasyon na isasagawa ng ating mga operatiba para sa mapayapa at drug-free na bansa.

# Dr. Raul Winston Andutan's gunman, arestado na ng Cagayan de Oro City Police Office







**Matagumpay na naaresto ng mga tauhan ng Cagayan de Oro City Police Office kasama ang Regional Headquarters ang mga suspek sa pagpatay kay Dr. Raul Winston Andutan bandang 3:00 ng umaga, Disyembre 3, 2021 sa Barangay San Alonzo, Balingoan, Misamis Oriental.**

Noong Disyembre 2, 2021, tinambangan ng motorcycle-in-tandem si Dr. Raul Winston Andutan, Medical Director ng Maria Reyna Xavier University Hospital (MRXUH) sa 12th-29th St., Barangay Nazareth, Cagayan de Oro City na nagtamo ng anim (6) na tama ng bala na siyang sanhi ng pagkamatay nito.

Samantala, ayon kay Deputy Commander ng Nazareth Police Station, nadamay ang isang (1) motorista na si John Mark Galario na nagtamo ng sugat sa balikat ngunit agad naman nadala sa pagamutan ng awtoridad.

Sa tulong ng mga nakalap na ebidensiya at kuha ng CCTV ay nagsagawa ng Joint Hot Pursuit operation ang Balingoan Municipal Police Station (MPS), Misamis Oriental Police Provincial Office Intelligence Unit, Misamis Oriental 1st Provincial Mobile Force Company, Regional Special Operation Unit-10, Cagayan de Oro City Police Office, RDEU 10, RMFB 10, CDEU COCPO, CMFC COCPO/SWAT at CIU COCPO/ Police Station 9 Cagayan de Oro City.

Kinilala ang apat (4) na suspek na sina Jomar Pacilan Adlao, 30 taong gulang, residente ng Dulugan, Maramag, Bukidnon; Marjun Abayon Cabug, 39 taong-gulang, residente ng San Antonio, Don Carlos, Bukidnon; Joel Arcilla Nacua, 37 taong-gulang, residente ng Lilingayon, Valencia City at si Felipe Entira, 63 taong-gulang, residente ng Valencia City, Bukidnon habang ang isa (1) pang suspek ay patuloy na hinahanap ng mga kapulisan.

Nakuha sa mga suspek ang dalawang (2) kalibre ng .45 pistol, tatlong (3) steel magazine, 11 live ammunitions, isang (1) olive green hand grenade at isang (1) holster.


Ang mga suspek ay dinala sa Police Station-9, Cagayan de Oro City para sa pormal na pagsasampa ng kasong murder at illegal possession of firearms.

Pinapurihan ni PBGen Benjamin Acorda Jr. ang Regional Director ng Police Regional Office 10 ang mga operating units sa agarang pag-aresto in less than 24 hours ang mga gunman ni Dr. Andutan.

Personal din na nagpasalamat si PBGen Acorda Jr. sa mga tumulong sa pagkahuli ng mga suspek at hinihikayat din niya ang mga bawat miyembro ng komunidad na sa bawat krimen, malaking bagay na ang lahat ng kanilang binibigay na suporta na mahuli ang mga tiwali.

# 2 South Korean fugitives na wanted sa panloloko, arestado




**Sa pamamagitan ng Interpol Red Notice, inaresto ng Criminal Investigation and Detection Group Anti-Transnational Crime Unit (CIDG-ATCU) ang dalawang (2) Korean fugitives sa bisa ng Warrant of Deportation noong Miyerkules, Disyembre 1, 2021 sa Taguig City.**

Naaresto sa magkasabay na operasyon noong Miyerkules ng umaga ang dalawang (2) suspect sa Unit 36B, 8 Forbes Road Condominium, Forbestown Road, Taguig City at sa Unit 9D, The Suites, 28th Street, Taguig City at kinilalang sina Han Juyoung, 26 taong gulang, at Gim Sihun aka Kim Sihun, 26 taong gulang na parehong mga Korean National.

Ayon sa official communication na nagmula kay Seo Seung Whan, Consul of the Embassy of Korea, ang dalawang (2) nahuling suspect ay subject of warrant of arrests for frauds na inisyu ng Republic of Korea.

Ang dalawang pugante ay mga miyembro umano ng isang telecom fraud organization na nambiktima na ng mga kapwa Koreano ng tinatayang 29 milyong Korean Won. Iniulat ng mga awtoridad ng Korea na ang mga pugante ay ginamit upang magpanggap bilang ilang tauhan ng institusyong pinansyal ng "Hyundai Capital" na sinasabing nag-aalok ng mababang interes na pautang para sa mga paunang bayad.

Batay sa Warrants of Arrest na ito, naglabas ang International Criminal Police Organization (ICPO-INTERPOL) ng Red Notice na nag-aalerto sa lahat ng ahensya ng pulisya na miyembro ng Interpol sa buong mundo na arestuhin ang mga nasabing suspek.

Ayon kay PNP Chief, Police General Dionardo B Carlos, "Ang aming matatag na relasyon sa mga dayuhang ahensya ng pulisya ay nag-ambag sa tagumpay ng operasyong ito".

Nasa kustodiya na ngayon ng Fugitive Search Unit ng Bureau of Immigration ang mga naaresto para sa kaukulang disposisyon.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## PNP, naka-monitor sa mga miyembro ng private armed groups at rebeldeng grupo

Kasalukuyang mino-monitor ng Pambansang Pulisya ang mga private armed at rebel groups sa bansa na maaaring maghasik ng kaguluhan sa darating na Local and National Elections 2022. Mino-monitor natin ang anim (6) na aktibong Private Armed Groups (PAGS) at iba pang teroristang grupo na posibleng manggulo sa halalan sa ating bansa.

Maliban dito, mayroong 138 potential PAGS na nasa listahan na atin ding mino-monitor sapagkat alam naman natin na kapag ganitong papalapit na ang eleksyon, maaari silang mag-activate ng kanilang grupo upang manggulo sa kaayusan at katahimikan sa ating lugar.

Pinag-aaralan na ng pulisya ang mga miyembro nito upang malaman natin ang kanilang koneksyon at kapasidad, lalo na sa ilang pangyayari na kung saan ay may napatay na kandidato at opisyales ng pamahalaan. Tinitingnan natin kung sila ba ay may koneksyon dito o sa isa't isa.

Takot at pangamba ang naidudulot nito sa ating mga kababayan. Kaya naman, inatasan ko ang ating kapulisan na mas paigtingin ang pagsasagawa ng intelligence gathering at kampanya laban sa loose firearms upang maisagawa natin ang lehitimong operasyon laban sa kanila.

Samantala, binigyan ko na rin ng derektiba ang lahat ng Area Police Commands at Regional Directors na paigtingin ang kanilang mga operasyon, programa at aktibidad hinggil sa paghahanda sa nalalapit na halalan.

Kinakailangang alam ng bawat isang pulis ang tungkulin at responsibilidad na dapat gawin sa darating na eleksyon. Tiyakin natin na ang lahat ng mga impormasyong ibabahagi sa publiko ay totoo, tama at beripikado lamang. Dapat ang mga ito naaayon sa mga ipinalabas at umiiral na derektiba at polisiya ng pamahalaan at ng ating organisasyon.

Kinakailangan din nating makipag-ugnayan sa mga lokal na pamahalaan at iba't ibang sektor sa inyong mga lugar para sa pagsasagawa ng maayos at ligtas na halalan. Kasabay din nito ang ating maigting na pakikipag-uganayan sa mga organisasyon o grupo sa ating mga lugar tulad ng Brgy. Tanod, Barangay Peacekeeping Action Teams (BPATs), mga force multipliers, at sa publiko

*sundan sa pahina 5*

# EDITORYAL

## Kaligtasan mula sa COVID-19 ang pinakamagandang regalo sa kapaskuhan

Masasabi nating magandang regalo para sa paparating na kapaskuhan ang patuloy na pagbaba ng mga kaso ng COVID-19 kung ito ay ikukumpara sa kaparehong panahon noong nakaraang taon. Mas maluwag narin ngayon ang restriksiyon sa ilalim ng alert level 2.

Dahil nga dito inaasahan ang pagdagsa ng ating mga kababayan sa mga pampublikong lugar kaya naman mas pinarami pa ang idineploy ng pambansang pulisya sa mga pangunahing lansangan at pampublikong lugar upang tiyakin parin ang pagsunod sa minimum health standard. Maaasahan ng ating mga kababayan na anuman ang alert level na ipapatupad, laging nakahanda ang inyong PNP upang ipatupad ang mga alituntunin para matiyak ang kaligtasan ng ating mga kababayan.

Mas paiigtingin pa ng pambansang pulisya ang mga panawagan nito sa ating mga kababayan na huwag magpakampante at dapat paring sundin ang health safety protocols. Ito nga ay bunsod ng napapabalitang bagong variant ng COVID-19 na "omicron." Mahigpit din ang babala ng PNP sa mga dadalo sa pagtitipon ngayong kapaskuhan. Babantayan ng PNP ang lahat ng pampublikong lugar na pwedeng pagdausan ng mga pagtitipon upang matiyak na sinusunod ang mga health safety protocol.


Naniniwala naman ang liderato ng pambansang pulisya na makikipagtulungan ang mga may-ari at mga kawani ng mga establisiyimento katulad na lamang ng mga grocery store, mall at iba pa na pinaniniwalaang dadagsain ng ating mga kababayan sa pagpapatupad ng minimum health protocol pati narin ang mga lokal na opisyal na nakakasakop sa mga establisiyimentong ito na wala ding hangad kundi ang kaligtasan ng ating mga kababayan.

Hinihikayat din natin ang lahat na magpabakuna kontra COVID-19 para makamit na ang inaasam na herd immunity sa buong bansa.

Bumaba man ang mga kaso ng mga nagpopositibo sa COVID-19 at lumuwag man ang restriksiyon ang pinakamahalaga pa rin ay ang pakikiisa ng ating mga kababayan sa pamamagitan ng pagsunod sa minimum public health safety protocols at ang pagiging mapagmatyag, at tapang na paalalahanan ang mga lumalabag nating mga kababayan.

Buo naman ang suporta ng pamunuan ng pambansang pulisya sa panawagan ng Department of Health (DOH) sa publiko na magsagawa na lang ng online na pagtitipon upang maiwasan ang malawakang hawaan.

Walang pakialam ang coronavirus sa mga alert level na ito, kaya tayo dapat ang mag-adjust sa pamamagitan ng tamang pagsunod ng mga patakaran sa kaligtasan at kami naman sa PNP ay maaasahang laging tutulong upang ipaalala ito sa ating mga kababayan sapagka't ang kaligtasan at pagiging malaya mula sa banta ng COVID-19 ang pinakamagandang regalo natin sa isa't isa ngayong panahon ng kapaskuhan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Aktibong kaso ng COVID-19 sa PNP, 45 na lang

As of December 2, 2021, nasa 45 na lang ang aktibong kaso ng COVID-19 sa hanay ng Pambansang Pulisya, ito ay ayon sa opisyal na talaan ng PNP Health Service.

Sa regular na pagpupulong ng Administrative Support on COVID-19 Task Force (ASCOTF) ay muling binigyang-diin ni PBGen Antonino Raymundo Cirujales, Director, PNP Health Service, magandang balita anya dahil sa patuloy na pagbaba ng mga naitatalang kaso ng ating mga pulis na tinatamaan ng salot na virus. Kaya naman, sa kabuuang bilang ay umabot na sa 42,201 katao ang tinamaan ng COVID-19 sa Pambansang Pulisya, pero nasa 42,033 katao ang naka-rekober na. Ibig sabihin ay nasa 45 na lamang ang mga aktibong kaso na kung saan sila ay patuloy na nagpapagaling sa iba't ibang mga quarantine health facilities sa buong bansa. Pero nakalulungkot pa rin dahil nasa 125 naman ang mga namatay o sumakabilang buhay.

Sa mga miyembro naman ng ating Pambansang Pulisya na nabakunahan o fully vaccinated ay umabot na sa 211,490 katao ang tumanggap ng vaccine. Sa mga tumanggap naman ng 1st dose ay umabot na sa 12,457 katao; habang nasa 1,856 katao naman ang hindi pa nakatatanggap ng bakuna o not vaccinated dahil naman sa iba't ibang mga kadahilanan. Ang nasabing bilang ay mula sa opisyal na talaan ng PNP CODA na may 225,803 total strength ng ating mga PNP Uniformed and Non-Uniformed Personnel sa buong bansa.

Umaasa naman si PNP Deputy Chief PNP for Administration (TDCA) at ASCOTF Commander, PLtGen Joselito Vera Cruz, na sa darating na mga araw ay tuluyan ng bababa ang mga naitatalang kaso ng COVID-19 dahil na rin sa kampanya at programa ng ating gobyerno partikular ang mass vaccinations, laging paghuhugas ng alcohol, pagsusuot ng face mask, at tamang distansiya o social distancing ng bawat isa.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ang Kasapatan sa Buhay ko ay....

Magandang araw po sa inyong lahat na patuloy na sumusubaybay sa aking kolum. Kagalakan ko po na kayo ay aking paglingkuran sa pamamagitan sa pagbabahagi ng "Salita ng Diyos," na tunay na nagbibigay buhay sa atin at gabay upang tayo ay magtagumpay buhay.

Minsan sa aking pag-iisa habang nakatingin ako sa mga halaman. Napansin ko ang malago nitong mga dahon at bulaklak na humahapay dahil sa malakas na hangin, habang ito ay tumatama sa ibang mga halaman. Sa payapang lugar na aking kinalalagyan ay ramdam ko lamig ng sariwang hangin. Ang sabi ko sa aking sarili, "napakagandang tingnan ng mga halaman." Kinabukasan nagpunta akong muli sa lugar na aking pinuntahan. Nakita ko na maraming dahon ang nalaglag sa lupa gayundin ang mga bulaklak na nalanta dahil sa init ng araw. Sa maikling sandali ang mga halaman at bulaklak nito ay nagdulot ng kasiyahan sa akin at sa mga taong nakakita dito. Dito ko napagdili-dili na lahat ng bagay sa mundong ito ay lumilipas. Ang mga matatayog at malabay na punong kahoy sa bukid at kagubatan. Paglipas ng panahon ito ay bumabagsak at nabubuwal sanhi ng baha, lindol at anay. Dumarating ang katapusan ng lahat ng bagay.

Kung ang lahat ng bagay ay may katapusan, gayundin ang ating buhay. Naitanong mo na ba sa iyong sarili na, "hangang kailan kaya ako mabubuhay?" Sa paglipas ng panahon, naunawaan mo na naging makabuluhan ba ang iyong buhay at nagampanan ang iyong tungkulin sa mundong ito?

Maaaring nakamit natin ang ating minimithi sa buhay, mataas na edukasyon, mataas na ranggo, malaking suweldo, at malawak na impluwensiya. Sa kabila nito ay tila mayroong kulang pa rin at hindi tayo masaya. Sinabi ni Blaise Pascal:

"There is a God-shaped vacuum in the heart of each man which cannot be satisfied by any created thing but only by God the Creator, made know through Jesus Christ."

Sa pamamagitan ng ating malalim na ugnayan sa ating Panginoong Diyos at pagtanggap kay JesuCristo ay mauunawaan mo ang dahilan kung bakit tayo nilalang ng Diyos, ang kahalagan ng buhay at ang misyong itinalaga Niya sa atin.

"Sila ang mga taong aking tinawag. Nilikha ko sila para sa aking karangalan." Isaias 43:7 (ASND)

"Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man." Efeso 2:10 (MBB)

Nais mo bang magkaroon ng ugnayan sa Panginoong Diyos?

Mangyayari lamang ito kung ikaw ay magkakaroon ng desisyon sa buhay na lumapit sa Diyos ng may pananampalataya at tanggapin si Jesus bilang sariling Tagapagligtas at Panginoon ng iyong buhay. Ito ay maaaring gawin mo sa pamamagitan ng panalangin. Kapag ito ay ginawa mo, ito ang simula ng bagong buhay at unti-unti Niyang ipapaunawa sa iyo ang pag-ibig Niya at ang Misyon mo sa mundong ito.

Kapag kasama natin ang Diyos sa ating paglalakbay sa mundong ito. Walang anumang sandali ang masasayang. Sapagkat Siya ang magbibigay gabay sa atin sa lahat ng ating gagawin at magbibigay tanglaw sa institusyong ating kinabibilangan.

# Murder suspect, arestado sa Isabela

**Arestado sa Tumauini, Isabela ang tinaguriang Top 5 Most Wanted Person ng Cagayan Valley noong Disyembre 3, 2021.**

Kinilala ang suspek na si Esteban Baccay, 59 anyos, isang magsasaka at residente ng Barangay Lanna, Tumauini, Isabela.

Batay sa report, bandang 4:00 PM nang magsagawa ng intel monitoring ang mga tauhan ng PNP Tumauini na nagresulta sa pagkakaaresto kay Baccay.

Nadakip sa bisa ng Warrant of Arrest ang suspek na inilabas ni Acting Presiding Judge Dennis A. Mendoza ng Regional Trial Court Branch 22 para sa kasong Murder (2 counts).

Agad dinala si Baccay sa himpilan ng Tumauini Police Station para sa kaukulang dokumentasyon at tamang disposisyon.

## PNP, naka-monitor sa mga...

*mula sa pahina 4*

upang maging katuwang natin sa pag-asiste, pagtugon, at pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan sa halalan sa bansa.

Tandaan natin na sa pamamagitan ng matatag na ugnayan natin sa komunidad at sa masusing paghahanda ay maisasakatuparan natin ang isang maayos, ligtas, at mapayapang halalan sa ating bansa.

Pinakikiusapan ko rin ang publiko na makipagtulungan sa atin at ipagbigay-alam sa mga otoridad ang iligal na aktibad at nalalamang impormasyon tungkol masamang balak ng mga private armed groups at rebeldeng grupo.

## Wanted sa kasong panggagahasa, arestado

**Matagumpay na naaresto ng mga operatiba ng Ilagan City Police Station ang tinaguriang Top 2 Most Wanted Person sa lungsod noong Disyembre 2, 2021.**


Kinilala ang suspek na si Rengil Horario, 35 anyos at residente ng Barangay Alibagu, City of Ilagan, Isabela.

Naaresto si Horario sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Presiding Judge Niven Canlapan ng Regional Trial Court Branch 109, 4th Judicial Region ng Carmona Cavite para sa kasong Rape.

Matapos ang ilang linggong manhunt operation ng pulisya, nadakip ang akusado sa Barangay Centro Poblacion, City of Ilagan, Isabela.

Si Horario ay nasa kustodiya ng Ilagan City Police Station para sa kaukulang dokumentasyon bago iturn-over sa pinagmulang korte.

Samantala, pinapurihan ni PLTCOL BENJAMIN BALAIS, Officer-in-Charge ng Ilagan CPS, ang matagumpay na pagkakaaresto sa suspek. Aniya, ito ay patunay sa masigasig na operasyon ng kanilang himpilan laban sa kriminalidad upang mapanatiling ligtas at mapayapa ang lungsod ng Ilagan.



# Kasimbayanan sa Cagayan Valley, muling isinagawa

**Nagsagawa ang Kapulisan, Simbahan at Mamamayan (Kasimbayanan) ng Duterte Legacy: BARANGAYANihan Caravan sa mga residente ng barangay San Julian na ginanap sa Barangay Hall ng San Julian, Abulug, Cagayan noong Nobyembre 27, 2021.**

Sa nasabing aktibidad, nabigyan ng mga foodpacks ang mga residente ng nabanggit na lugar at mahigit 150 naman na mga bata ang nakatanggap ng facemask, mga regalo at feeding program.

Bukod pa dito, nagsagawa din ng tree-planting activity at coastal clean-up drive ang mga tauhan ng Abulug Police Station sa pamumuno ni PMaj Norly Gamal, Chief of Police.

Naging katuwang ng mga kapulisan ang iba't ibang sector ng simbahan; opisyales ng barangay; mga miyembro ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo (KKDAT); at iba pang stakeholders.

Gayundin, nagkaroon ng pagpupulong at pagbahagi sa mga salita ng Panginoon sa mga residente ng Calog Norte na pinangasiwaan niPastor Mark Joseph Arimas.

Samantala, pinapurihan ni PRO2 Regional Director, PBGen Steve B. Ludan ang naturang aktibidad. Aniya, isa itong patunay sa matatag na pagkakaisa at pagtutulungan ng pulisya at komunidad.

"Mas palalakasin pa natin ang pagtutulungan ng Valley Cops at iba pang sektor ng pamahalaan upang mas marami pa tayong magawang programa na katulad nito at upang patuloy na mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa buong Lambak ng Cagayan," dagdag ni PBGen Ludan.







# Batang may leukemia, natupad ang pangarap maging pulis



**Nagmistulang santa claus si Police General Dionardo B. Carlos dahil sa pagtupad sa pangarap na maging pulis ang isang labing-isang taong gulang na bata na may acute lymphocytic leukemia.**

Ito ay matapos isabay sa taunang pagpapailaw ng mga Christmas lantern at Christmas light sa Kampo Crame ang programang "A Cop for a Day" na may layuning tuparin ang pangarap na maging pulis sa loob ng isang araw ng mga batang may malubhang karamdaman. Nabuo ang programang "A Cop for a Day" dahil sa isang balitang nabasa ni PGen Carlos na noo'y Chief of the Directorial Staff. Sa nasabing balita, tampok si Christian Laurente Memoria na nakikipagbuno sa sakit na leukemia ngunit hindi naman natitinag ang pangarap at determinasyong maging pulis. Dahil naantig sa kwento ni Christian, agad ipinag-utos ni Chief, PNP na tuparin ang pangarap na maging Pulis.

Kaya naman nitong unang araw ng Disyembre, sa isang simpleng seremonya na sinagawa sa PNP Museum, isinakatuparan ang pangarap na maging pulis ni Christian na nagbihis pulis at may ranggong Police Lieutenant. Sa nasabing programa, niregaluhan si Christian ng isang tablet at scholarship grant ni Mr. Imad Amar, miyembro ng Foreign National Keepers Network.

Pagkatapos ng isang simpleng programa sa PNP, Museum, itinampok naman si Christian bilang espesyal na bisita sa Ceremonial Lighting sa harap ng PNP National Headquarters. Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ng ama ng Pambansang Pulisya na hindi maitago ang galak pagkakita kay Christian.

Ikinatuwa ni PGen Carlos ang katapangan at katatagan ni Christian na hindi natitinag sa kabila ng malubhang karamdaman. Binigyan ni Chief, PNP si Christian ng regalo kasabay ng paalalang ipagpatuloy pa nito ang determinasyong makatapos ng pag-aaral at tuparin ang kanyang pangarap na maging pulis.

Lubos naman ang pasasalamat ni Christian at ng kanyang ina sa pambansang pulisya sa pamumuno ni PGen Carlos at kay Mr. Imad Amar sa maagang regalong kanilang natanggap.



# Mga pulis na may natatanging gawa, pinarangalan sa Monday Flag Raising sa Camp Crame



**Kasabay ng Traditional Monday Flag Raising Ceremony, pinangunahan ng Ama ng Pambansang Pulisya ang pagbibigay parangal sa ilang mga pulis na may natatanging gawa para sa bayan, ngayong umaga ng Nobyembre 29, 2021 sa Camp BGen Rafael T Crame Quezon City.**

Iginawad ang Medalya ng Kadakilaan kay PMSg Francisco V Castro dahil sa kanyang katapatan at walang kinikilingan sa batas na kung saan nagbigay ito ng impormasyon sa mga miyembro ng Pasig City Police Station para sa pagkakaaresto ng kanyang anak na isang leader ng robbery hold-up group sa Pasig City.

Medalya ng Sugatang Magiting naman ang iginawad kay Patrolman Jericson T. Carbonel dahil sa kanyang ipinakitang katapangan sa insidenteng pagnanakaw sa Pamilihang Bayan ng Pampanga City noong Setyembre 30, 2021.

Samantala, ginawaran naman ng Medalya ng Kasanayan sina PMaj Maria Eliza Tajon, PLt Princess Pascua, at NUP Shiela Mae Capulong sa kanilang ipinakitang kabayanihan sa pagtulong sa pagpapaanak sa isang COVID-19 patient sa loob ng Kiangan Quarantine Facility noong Setyembre 16, 2021.

Gayundin din kay PLt Arvy Katrina Salamanca na ginawaran ng Medalya ng Kasanayan dahil sa kanyang pagtulong sa pagpapaanak sa loob mismo ng kanilang bahay sa Batangas City noong Setyembre 12, 2021.

Sa kanyang mensahe, binigyan-diin ulit ng Hepe ang kanyang pagsuporta sa mga programa ng mga nagdaang Chief PNP. "Focus lang po tayo sa trabaho, alam na po natin yung ating ginagawa, sa mga programa na pinatupad na po ng ating dating hepe", ani PGen Carlos.



"Kung may pagkakamali, ay atin po itong aayusin. Kung nadapa kayo ngayon, accept the consequences and then recover, and serve again the Filipino people", dagdag pa ni PGen Carlos.

# Mga Pulis na Muslim, nakiisa sa pagdiriwang ng ika-22 Anibersaryo ng Imam Council of the Philippines Inc.









**Ipinagdiwang ng Imam Council of the Philippines Inc. (ICPI) ang kanilang ika-22 taong anibersaryo na may temang "Strengthening, Coordinating, Collaborating and Supporting the Government Agencies and Faith-Based Groups" na dinaluhan ng mga Imam Head ng iba't-ibang chapter sa buong bansa na ginanap sa Great Eastern Hotel (Aberdeen Court), Quezon City noong Nobyembre 27, 2021.**


Nakiisa sa naturang anibersaryo ang mga kapulisang muslim sa pangunguna ni Imam PCol Ebrahim Moxir, ang Deputy Director ng PNP Chaplain Service upang ipakita ang suporta at pakikiisa ng kapulisan sa mga ganitong aktibidad ng ating mga kapatid na muslim.


Nagpaabot naman ng kanyang mensahe si PBGen Eric E Noble, ang Director ng Police Community Affairs and Development Group bilang isa sa panauhing pandangal.


Ayon kay PBGen Noble, ang ating mga kapulisan ay handang tumulong sa ating mga kababayan lalong-lalo na ang mga nasa geographically isolated and disadvantage areas na hindi naaabutan ng tulong at kanyang hinihikayat na makiisa ang ating mga kapatid na muslim sa mga programa ng PNP pagdating sa police community relations activities.


Ang nasabing pagtitipon at pagdiriwang ay naglalayon na lalong paigtingin ang ugnayan ng Pambansang Pulisya at mga Imam sa kanilang ispiritwal na gawain at ugnayan, gayundin ang pagsuporta sa programa ng PNP Lingkod ng Bayan Advocacy Faith-Based Groups.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Sakripisyo at Handog Para sa Kapayapaan

Laging nakaamba ang panganib sa bawat alagad ng batas, ito ang araw-araw na kinakaharap natin upang mapanatiling mapayapa, matiwasay at may kaayusan ang ating lipunan. Ang pagbubuwis ng buhay upang mailigtas ang mamamayan at maging tahimik ang ating komunidad ang lagi nating inaadhika.

Sa Mindanao, ang kapayapaan ng kanilang komunidad ang pangunahing layunin ng ating mga kapatid na pulis. Nakahanda ang bawat isa na isakatuparan ito maging ang kapalit man ay ang sariling buhay. Ito ang tanging mithiin ni PMSg Antonio Balasa hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Noong July 9, 2020, araw ng Huwebes, pinasabog ng mga manliligalig ang sinasakyang behikulo ng grupo ni PMSg Balasa habang gumaganap sa tungkulin.

Naganap ang malagim na insidente sa Shariff Aguak, Maguindanao na naging dahilan nang kanyang kamatayan. Namatay din ang kasamahan niyang driver at nasugatan ang apat niyang kasamahan.

Batay sa ulat ng Police Regional Office- Bangsamoro Autonomous Region, nasawi sa pagsabog si PMSg Antonio Balasa at ang kasamahang driver na sibilyan na nakilala lamang sa pangalang Bobby. Kinilala naman ang mga nasugatan na sina PSSg Larry Amoran, PSSg Guerrero Domingo, PCpl Guai Mangrag at Clyde Peria.

Agad na isinugod sa Maguindanao Provincial Hospital sina Amoran, Domingo at Mangrag samantalang si Peria ay dinala sa Cotabato Regional Medical Center upang malapatan ng kaukulang atensyong medikal.

Agad na kinondena ng Pambansang Pulisya ang naganap na pagpapasabog sa police vehicle. Pinaalalahanan ni PGen Archie Gamboa, PNP Chief noon, ang lahat ng pulis na maging alerto at maging mapagmatyag sa mga kriminal at mga terorista na patuloy sa pagpaplano at pagkilos laban sa puwersa ng pulisya sa kabila ng COVID-19 pandemic.

PMSg Balasa, salamat sa iyong sakripisyo!

# 3 City Level Most Wanted, arestado



**Arestado ang tatlong (3) City Level Most Wanted Person (MWP) ng Central Luzon Police Stations sa magkahiwalay na manhunt operation noong Nobyembre 29, 2021.**

Nagsagawa ng manhunt operation ang nagsanib na mga operatiba ng Science City ng Muñoz Police Station, Pura Municipal Police Station, Tarlac Police Provincial Office, RID, Police Regional Office 3 at Nueva Ecija 2nd PMFC sa Brgy. Buenavista, Pura Tarlac na nagresulta sa pagkaaresto kay Joselito Dieron y Tagle, 34 taong gulang at tinaguriang Top 2 MWP ng Science City ng Munoz, Nueva Ecija sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Hon. Nelson V. Largo, Presiding Judge ng MTCC, Cabanatuan City, Nueva Ecija noong Septyembre 24, 2020 para sa krimeng Robbery sa ilalim ng Criminal Case No. 95792 at may recomendadong piyansa na Php20,000.


Samantala, isang (1) magsasaka na kinilalang si Francisco Portugal y Pastor, 51 taon gulang at kabilang sa mga MWP sa Gapan City, Nueva Ecija ang inaresto sa manhunt operation sa Brgy. Pambuan, Gapan City, Nueva Ecija ng nagsanib na operatiba ng Gapan CPS, 303rd RMFB 3 at 1st PMFC 4th Maneuver Platoon sa bisa ng alias Warrant of Arrest para sa Attempted Murder sa ilalim ng Criminal Case No. 18420-15 na inilabas ni Hon. Mildred S. Villaroman-Hernal, Presiding Judge, RTC Branch 35 Gapan City, Nueva Ecija noong Oktubre 29, 2015 at may rekomendang piyansa na Php120,000.

Bukod pa rito, isang (1) MWP ng Olongapo City na kinilalang si Earl Stanley Abogado y Bautista, 33 taong gulang ang naaresto sa Purok 6 Barangay Magsaysay, Castillejos, Zambales ng nagsanib na mga tauhan ng CIU-OCPO, CMFC-OCPO, PS3, OCPO, at PS5, OCPO.

Si Abogado ay may nakabinbing mga Warrant of Arrest na inilabas noong Nobyembre 26, 2021 ni Hon. Gemma Theresa B. Hilario-Logronio, Presiding Judge sa Regional Trial Court, Branch 12, Olongapo City sa ilalim ng Criminal Case No. 2021-532FC dahil sa paglabag sa Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act. (Anti-Child Abuse Law) (RA 7610) Act of Lasciviousness kaugnay sa Sec 5 (b) na may rekomendadong piyansa na Php108,000.

Pinapurihan ni PRO3 Regional Director, PBGen Matthew P. Baccay ang mga operatiba sa kanilang mahusay na trabaho at dinagdag pa niya na ang mga naaresto ay mahaharap sa paglilitis at mananagot sa kanilang mga krimen. *(PRO3-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Top 6 Most Wanted Person, arestado sa kasong robbery




**Matagumpay na naihain ng Warrant at Subpoena Section ng Pateros Municipal Police Station, Southern Police District sa pangunguna ni PCol Aldrine S. Gran ang Warrant of Arrest sa isang akusado sa pagnanakaw sa 566 Malaysia St., Centennial 1A, Pinagbuhatan Pasig City bandang 3:45 ng hapon ng Disyembre 2, 2021.**

Nakilala ang akusado na si Dexter Garados y Raymundo, 39 taong gulang, lalaki, binata, construction worker, at residente ng 566 Malaysia St., Centennial 1A, Pinagbuhatan Pasig City.

Naaresto ang akusado sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Judge Joy N. Casihan-Dumlao, Presiding Judge ng RTC Branch 262, Pateros Metro Manila, noong Nobyembre 18, 2019, para sa krimeng Robbery na may CC#158663 at may rekomendadong piyansa na Php24,000.

Patunay na masigasig ang ating mga kapulisan sa ating laban na maalis ang lahat ng uri ng kriminalidad. Makatitiyak na hindi ito magsasawa at hindi titigil hangga't hindi naaalis ang matagal nang problema sa lipunan.

# Top 3 Municipal Most Wanted ng San Andres, Catanduanes, nadakip sa Antipolo City

**Matapos ang mahigit na sampung taong pagtatago, natunton ng mga tauhan ng San Andres MPS Tracker Team at ng Antipolo City Police Station ang tinaguriang Top 3 Municipal Most Wanted Person ng San Andres, Catanduanes nitong Nobyembre 29, 2021 sa Barangay Cupang, Antipolo City, Rizal.**

Kinilala ito na si Rogelio y Gianan Fernandez na itinuring suspek sa panggagahasa sa isang menor de edad na dalagita na itinago sa pangalang Nene na minsang nanilbihan sa kanila.

Ayon sa San Andres MPS, nagtago ang akusado matapos maisampa ng San Andres Women and Children Protection Desk, ang dalawang (2) kasong panggagahasa laban dito.

Unang nakipag-ugnayan ang mga kapulisan ng San Andres sa Antipolo City Police Station ng Police Regional Office 4A. Bitbit ang Warrant of Arrest na ipinalabas ng Regional Trial Court ng Virac, Catanduanes laban kay Fernandez kaugnay sa paglabag sa RA 8353 o Rape sa ilalim ng Criminal Case number 5891-5892.

Matapos ng kanilang pakikipag-ugnayan, mabilis na tinungo ng grupo ang nasabing lugar na pinagtataguan ng suspek kung saan siya nadakip.

Ang akusado ay nakatakdang ibalik sa Catanduanes para sa pagdinig ng kanyang kaso.



# 146 Law violators, arestado at 31 rebelde, sumuko sa Lambak ng Cagayan PNP

**Nasa 146 kabuuang bilang ng law violators at 31 naman na miyembro at supporter ng Teroristang Grupo ang sumuko sa mga otoridad matapos ang isinagawang Simultaneous Anti-criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO) ng Police Regional Office (PRO) 2 sa buong Lambak ng Cagayan noong Nobyembre 30, 2021.**

Batay sa datos ng PRO2, nasa 100 Wanted Persons ang naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest at anim (6) dito ay pawang Top Most Wanted Persons.

Arestado rin ang pitong (7) suspek na sangkot sa iligal na droga at nakumpiska mula sa mga ito ang 60 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng Php726,290 at 3.1 gramo ng marijuana na tinatayang nasa Php2,119 ang halaga.

Gayundin, dinakip ang dalawang (2) indibidwal dahil sa paglabag ng Republic Act 10591 o Comprehensive Law on Firearms and Ammunition habang umabot sa 11 loose firearms (baril) at isang (1) pampasabog ang nakumpiska sa iba pang police operations.



Samantala, sa patuloy na kampanya ng Police Regional Office 2 upang wakasan ang terorismo at insurhensiya sa rehiyon, siyam (9) na miyembro at 22 taga-suporta ng teroristang grupo ang sumuko.

Pinapurihan ni Police Brigadier General Steve Ludan ang hanay ng kapulisan sa Lambak ng Cagayan matapos ang matagumpay na mga operasyon sa 24-oras na SACLEO.

Hinimok ni PBGen Ludan ang publiko na patuloy na suportahan ang programang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ng pamahalaan para sa isang mapayapa at ligtas na pamayanan.

## Top 3 High-Value Target sa Region 2, arestado

**Sa bisa ng isang Warrant of Arrest, naaresto ang 40-anyos na sangkot sa iligal na droga sa Barangay Pattao ng Buguey, Cagayan noong Disyembre 2.**

Kinilala ang suspek na si Romeo Cabeza, residente ng nasabing lugar.

Batay sa listahan ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Region 2, si Cabeza ay Top 3 High-Value Target sa Rehiyon Dos.

Nakumpiska mula sa suspek ang anim (6) na pakete ng hinihinalang shabu na may timbang na 7 gramo at tinatayang nagkakahalaga ng Php47,600.

Nakuha rin sa kanyang pag-iingat ang isang unit ng cal. 45 stainless-chromed pistol.

Si Cabeza ay kasalukuyang nasa kustodiya ng Buguey Police Station at nahaharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Act.


## Top 1 Most Wanted Person, arestado sa Navotas City

**Pinapurihan ni PMGen Vicente D Danao Jr ang Warrant at Subpoena Section, Police Station 7, Jose Abad Santos, MPD, sa pangunguna ni PCpt Darwin M. Serna sa kanilang matagumpay na paglalatag ng Warrant of Arrest sa Top 1 Most Wanted Person na kinilalang si Jose Dantes Raymundo y Bagtas sa 59 Galicia Ext., Bangkulasi, Navotas City noong Nobyembre 27, 2021.**

Si Raymundo ay may nakabinbing Warrant of Arrest na inilabas ni Hon. Pedro T. Dabu Jr, Presiding Judge, RTC Branch 286, Navotas City sa ilalim ng Criminal Case no. N19-364 CR na inisyu noong Abril 10, 2019 at para sa Attempted Murder na inilabas ni Hon. Romana Maria Melchora P. Lindayag – Del Rosario, Presiding Judge, RTC Branch 287, Navotas City na may Criminal Case no. N21-879 CR noong Nobyembre 8, 2021.

Kasalukuyang nakakulong ang akusado sa Custodial Facility Police Station – 7 para sa wastong disposisyon bago ang pagbalik ng kanyang Warrant of Arrest sa pinagmulang korte.

"Sa kabila ng banta ng COVID-19 ay patuloy pa rin ang ating mga awtoridad sa paglunsad ng mga operasyon, hindi lang kontra sa mga Most Wanted na tao, kundi sa ano pa mang uri ng kriminalidad, iligal na droga at maging sa terorismo, kasama na rin ang katiwalaan. Makakaasa po kayo na ang inyong Team NCRPO ay laging magbibigay ng serbisyong TAMA: TApat, may tapang at MAlasakit sa kapwa para mahuli at panagutin sila sa krimen sa kanilang mga biktima," sabi ni PMGen Danao. (NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)




# Suspek, arestado; Baril at shabu, nakumpiska sa Isabela



**Arestado ang isang 49-anyos na suspek sa anti-illegal drug operation ng Philippine National Police (PNP) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa Purok 7, Barangay District 1, Cauayan City, Isabela noong Nobyembre 29, 2021.**

**Kinilala ang suspek na si Ernesto Ogoy na kabilang sa High Value Target (HVT) at residente ng Barangay Bustamante, Luna, Isabela.**

Nakumpiska mula kay Ogoy ang tatlong (3) sachet ng hinihinalang shabu; isang (1) caliber .38 revolver na may 3 bala; buy-bust money na Php1,000 at Php1,000 boodle money; cash na Php422; motorsiklo; at iba't ibang ID.

Ang naturang buy-bust ay matagumpay na isinagawa ng Cauayan City Police Station, Provincial Drug Enforcement Unit, Isabela Police Provincial Office, Regional Drug Enforcement Unit-PRO2, Regional Group on Special Concern (RGSC) at ng Philippine Drug Enforcement Agency-Regional Office 2.

Dinala si Ogoy sa Cauayan District Hospital para sa pagsusuri at ngayon ay nasa kustodiya na ng Cauayan City Police Station para harapin ang kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at Republic Act 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act na isinampa laban sa kanya.

Samantala, pinuri ni PBGen Steve B. Ludan, Director, Police Regional Office 2 ang mga Valley Cops sa patuloy na pagsagawa ng operasyon upang wakasan ang problema sa iligal na droga at kriminalidad sa naturang probinsya at sa buong rehiyon dos.

# Alleged Suicide Bomber sa Jolo Cathedral bombing noong 2019, arestado sa Zamboanga City




**Boluntaryong sumuko ang tatlong (3) taga-suporta ng teroristang grupo sa probinsya ng Cagayan at Isabela.**

Sumuko ang 37 anyos na matadero ng Barangay Tubel, Allacapan, Cagayan noong November 23, 2021 sa mga tauhan ng Allacapan Police Station, 203rd Mobile Force Platoon ng 2nd Cagayan Provincial Mobile Force Company at 203rd Maneuver Company ng Regional Mobile Force Batallion 2.

Isiniwalat niya na na-recruit siya ni Sylvinia Bumanglag na nangako umanong magiging libre ang kanilang National Irrigation Administration (NIA) fee. Naging miyembro siya ng grupo noong 2013 at kasama siya sa mga kilos-protesta na isinagawa sa NIA-Abulug, Cagayan.

Nahikayat siyang sumuko dahil sa masigasig na pagkumbinsi ng mga kapulisan sa pamamagitan ng Lingkod Bayanihan, Bisita ni PD at COP sa Barangay at matagumpay na dialogue/meeting hinggil sa Executive Order No. 70 o National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Samantala, sumurender din sina alyas "Gibo", 46 anyos at alyas "Rina" 34 anyos, pawang residente ng Barangay Manano, Mallig, Isabela. Ito ay sa pamamagitan ng Project "SAGIP" ng Isabela Police Provincial Office at Mallig Police Station.

Tinulungan ng mga dating miyembro ng Danggayan Dagiti Mannalon ti Isabela (DAGAMI) at Timpuyog Dagiti Marigrigat a residente ti Villa Corazon (TDMRVC) sina alyas "Gibo" at alyas "Rina" para sumuko at tuldukan ang kanilang pagsuporta sa mga teroristang grupo.

Inihayag ng dalawa na kinumbinsi sila ni Cita Managuelod alyas "Karen", lider ng DAGAMI, Peasant Consultant ng Regional White Area Committee 2 (RWAC2), Kilusan sa Lungsod at Sentrong Bayan (KLSB), Secretary ng DAGAMI, LLO na may kaugnayan sa Anak Pawis Party List. Pinangakuan umano sila na aayusin ang kanilang problema sa lupain ngunit hindi ito nangyari at sa halip ay ginamit sila para magprotesta laban sa pamahalaan ng Isabela.

Patuloy ang maigting na kampanya ng Police Regional Office 2, sa tulong ng iba pang ahensya ng pamahalaan at stakeholders, upang wakasan ang insurhensya at terorismo upang matiyak ang ligtas at mapayapang Lambak ng Cagayan.

# 4 Terrorist members, sumuko




**Pinili nang mamuhay ng payapa ang isang (1) miyembro ng Dawlah Islamiya – Maute Group (DI-Maute), kung saan isinuko niya ang isang (1) pistol at Granada sa mga awtoridad sa Piagapo, Lanao Del Sur noong Nobyembre 22, 2021.**

Samantala, boluntaryo ring sumuko ang apat (4) na miyembro ng Abu Sayyaf Group (ASG) noong Nobyembre 25, 2021 sa Barangay Seit Lake, Panamao, Sulu. Bitbit nila sa kanilang pagsuko ang dalawang (2) M16 A1 rifles, isang (1) M1 Garand rifle, at isang (1) Caliber .45 pistol.

Ayon sa Regional Director ng Police Regional Office (PRO) Bangsamoro Autonomous Region (BAR) na si Police Brigadier General Eden T Ugale, pinaigting ng PRO BAR ang kampanya laban sa insurhensya at terorismo na patuloy na nagpapahina sa Local Terrorist Groups.

Nagpaabot rin siya ng pasasalamat sa Lokal na pamahalaan ng Panamao, Sulu at Piagapao, Lanao Del Sur sa pakikipagtulungan sa Philippine National Police at Armed Forces of the Philippines sa payapa at boluntaryong pagsuko ng mga ASG at DI-Maute.

"Lubos po kaming nagpapasalamat at nagbibigay pugay sa kooperasyon ng Lokal na Pamahalaan ng Panamao, Sulu at Piagapo saLanao Del Sur at sa patuloy na inisyatibo laban sa terorismo at tulong na binibigay sa ating mga sumusukong kasapi ng Abu Sayyaf Group at Dawlah Islamiya-Maute Group", saad ni PBGen Ugale.

Sa patuloy na pagkakaisa ng iba't ibang ahensya ng gobyerno at naaayon sa Executive Order 70 Whole of Nation Approach, inaasahan ang paglaki pa ng bilang ng sumusukong miyembro ng mga bandidong grupo.

Gayundin, walang tigil ang PNP sa paghikayat sa publiko na suportahan ang anti-insurgency at anti-terrorism efforts nito upang mapanatili ang seguridad at kapayapaan sa bansa.

"Tayo ay nananawagan din sa ibang kasapi ng ng mga teroristang grupo na sumuko at magbalik loob sa gobyerno. Magbagong buhay at mamuhay ng tahimik, payapa kasama ang inyong mga mahal sa buhay at pamilya", hikayat ni PBGen Ugale.

# Communist Terrorist Group attack in Northern Samar, kinondena ng Police Regional Office 8

**Kinondena ng Police Regional Office 8 ang pataksil at mapanlinlang na pag-atake ng mga Komunistang Teroristang Grupo laban sa Special Action Force troopers noong ika- 27 ng Nobyembre 2021 sa Mapanas, Northern Samar.**

Naka-engkwentro ng mga miyembro ng SAF ang hindi tiyak na bilang na mga Komunistang Teroristang Grupo habang nagsagawa ng combat operation sa Brgy. Magsaysay ng nasabing lungsod.

Sugatan sa engkwentro si Patrolman Ben Liwen Saclangan, habang inaalam pa ang mga casualties sa panig ng rebeldeng grupo.

Agad na naitakbo sa ospital ang sugatang pulis sa tulong ng PNP Regional Medical and Dental Unit 8 sa pangunguna ni PMaj Elmer P Pajac, Chief Medical Officer. Nakatakdang isailalim sa sub-occipital craniotomy ang biktimang SAF sa ospital sa Tacloban City.

Tiniyak ni PBGen Rommel Bernardo A Cabagnot, Regional Director ng PRO 8 na papanagutin ang mga terorista sa kanilang ginawang pag-atake at kataksilan.

"Ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya sa kampanya laban sa insurhensiya at tuluyan na puksain ang mga gawain ng mga Komunistang Teroristang naghahasik ng takot at kaguluhan sa bansa", saad ni PBGen Cabagnot.



# 2 Drug pusher, arestado sa Cordova, Cebu


**Nasakote ang dalawang (2) drug personalities sa magkasunod na buy-bust operation ng PNP Cordova Drug Enforcement Unit sa pangunguna ni PCpt Ramil Q Dugan noong Nobyembre 27, 2021 sa munisipalidad ng Cordova, probinsya ng Cebu.**

Kinilala ang mga suspek na sina Jelito Inting Mayagma, 22, binata, isang construction worker na naaresto sa Brgy. Bangbang bandang 3:30 ng hapon habang si Eric Ando Alvarez, 42, binata, walang trabaho ay nahuli naman sa Brgy. Day-as sa Cordova bandang 5:00 ng hapon sa magkaparehong araw.

Nahaharap sa kasong paglabag sa Sec 5 at 11 (pagbebenta at pagkakaroon ng iligal na droga), Art II ng RA 9165 sina Mayagma at Alvares at kasalukuyan silang nakakulong sa Cordova Lock-up facility.

Ang pag-aresto sa mga tulak-droga ay kabilang sa patuloy na pagsasagawa ng Pambansang Pulisya ng tuloy-tuloy na pagsugpo sa paglaganap ng iligal na droga at paghuli sa mga salot ng lipunan para sa kaligtasan ng ating mga kababayan at komunidad.

# Maigting na kampanya kontra iligal na droga sa Metro Manila, tuloy sa paggulong




Pinapurihan ni PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang mga operatiba ng QCPD at MPD sa kanilng matagumpay na pagsasagawa ng buy-bust operation sa kanilang lugar na nasasakupan.

Nakasaad sa ulat, nagsagawa ang Station Drug Enforcement Unit ng Police Station – 7, Jose Abad Santos, MPD ng buy-bust operation noong Nobyembre 26, 2021 sa Juan Luna St. cor. Hermosa St., Brgy. 194, Tondo, Manila na nagresulta sa pagkaaresto sa mga suspek na kinilalang sina Jose Dantes Raymundo y Bartas aka Dante; Robert Justiniani Jr. y Sacari; Malyn Alexisse Ong y Garcia; at Romel Ortillano y Artuz.

Nakuha mula sa mga suspek ang apat (4) na pirasong large heat-sealed transparent plastic sachet na may lamang shabu; apat (4) na pirasong knot tied ice bag na may shabu na may timbang na humigit-kumulng na 750 - 800 gramo na nagkakahalaga ng Php5,440,000; buy bust money; dalawang (2) Php1000 bill; at 38 pirasong Php1000 boodle money.

Samantala sa kaparehong araw, nagsagawa ang operatiba ng Station Drug Enforcement Unit, Police Station 14 – Holy Spirit, QCPD, sa pangunguna ni PMaj Jun G Fortunato ng anti-illegal drug operation sa pakikipag-ugnayan sa PDEA, na nagresulta sa pagkakadakip sa tatlong (3) suspek na kinilalang sina Rodel Cabiling y Eugenio aka Jo; Jay Nillusgen y Pascual; at Rossel Spiros y Vicintino sa So. Evergreen, Brgy. Pasong Tamo.

Nakuha mula sa mga suspek ang 10 pirasong heat-sealed transparent plastic sachet ng shabu, na may timbang na 20 gramo at halagang Php136,400; dalawang (2) Php100 bill na buy-bust money; at apat (4) na Php1000 na boodle money.

Nagsagawa din sa kaparehong araw ang mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit, Police Station 5 – Fairview, QCPD, na pinangunahan ni PLtCol Joewie B. Lucas ng buy-bust operation, kasama ang PDEA sa Camaro St., Brgy. Greater Fairview, Quezon City, na nagresulta sa pagkaaresto kay Jefferson Ray Rimando y Pellazar aka Jeff at pagkakumpiska sa apat (4) na pirasong heat-sealed transparent plastic sachet ng shabu na may timbang na 50 gramo na nagkakahalaga ng Php340,000; 40 pirasong Php1,000 boodle money at isang (1) black Android cellphone.

Ang mga suspek at nakuhang mga ebidensya ay dinala sa kani-kaniyang mga himpilan ng pulisya para sa wastong disposisyon at dokumentasyon habang inihahanda ang pagsasampa ng kaso sa paglabag sa RA 9165 laban sa mga suspek.

"Ang pagkakadakip ng mga personalidad sa iligal na droga at pagkakumpiska sa malaking halaga ng iligal na droga ay isang karagdagan sa mahabang listahan ng nagagawa ng TEAM NCRPO sa paglaban sa lahat ng uri ng iligal na gawain. Sa patuloy na pagsisikap ng ating mga operatiba at walang katapusang pagsuporta ng publiko, naniniwala ako na tayo ay magtatagumpay sa pag-alis ng mga krimen at iligal na droga dito sa Metro Manila," pagtatapos ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

## Motorista, huli sa pag-iingat ng mga kontrabando

**Patong patong na kaso ang isasampa laban sa isang motorista matapos mahulian ng mga kontrabando sa PNP checkpoint sa Lal-lo Cagayan noong Nobyembre 29, 2021.**

Kinilala ang suspek na si Jone Mark Conseja, 35 taong gulang, isang magsasaka at residente ng Barangay Malanao, Lal-lo, Cagayan.

Ayon sa ulat, pinara ng mga ototidad ang suspek dahil wala itong suot na helmet. Sa halip na huminto ay tinangka pa niyang tumakas.

Nang siyasatin ng mga tauhan ng Lal-lo Police Station at 2nd Cagayan Police Mobile Force Company, walang maipakitang legal na dokumento ng motorsiklo at valid ID ang suspek.

Isinagawa ng mga otoridad ang body search kung saan narekober mula kay Conseja ang dalawang (2) bala ng M-16 rifle; dalawang (2) bala ng cal. 9mm; isang (1) bala ng cal .38 revolver; at isang (1) transparent plastic bag na naglalaman ng tuyong dahon ng hinihinalang Marijuana.

Kasalukuyang nasa kustodiya ng Lal-lo Police Station ang suspek na nahaharap sa paglabag ng Article 151 ng Revised Penal Code (RPC) o Resistance and Disobedience to Person in Authority or the Agent of Such Person; Republic Act 10054 o Act Mandating All Motorcycle Riders to wear Standard Protective Helmet while Driving; RA 10591 o Comprehensive Law of Firearms and Ammunition; at Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drug Act of 2002.

# 4 Suspects of illegal drugs, arestado sa Malabon City



**Nagsagawa ng buy-bust operation ang Malabon City Police Station sa pangunguna ni PLt Alexander J Dela Cruz, OIC, SDEU-MCPS sa pamumuno ni PCol Albert T Barot, ACOP, MCPS, sa kahabaan ng Salinas St., Brgy. Longos, Malabon City bandang 7:30 ng gabi ng Nobyembre 24, 2021 na nagresulta sa pagkakaaresto sa apat (4) na suspek.**

Nakilala ang apat (4) na suspek na sina Prea Enate y Beso, 21 taong gulang, may kinakasama, walang trabaho at naninirahan sa Sarimborao St., Dagat-Dagatan, Lungsod ng Caloocan; Lyndon Regino y Eanda @ Dodong, 27 taong gulang, may kinakasama, walang trabaho at naninirahan sa Letre Paradise, Barangay Tonsuya, Lungsod ng Malabon; Mark Carlo Fortes (MNU) @ Comar, 20 taong gulang, walang asawa, walang trabaho at naninirahan sa Tanza Pabahay, Kungsod ng Navotas; at Jarwin Gamalog y Eduarte @ Aweng, 20 taong gulang, walang asawa, walang trabaho at naninirahan sa Pateros St., Maypajo, Lungsod ng Caloocan.

Nakuha mula sa mga suspek ang tatlong (3) piraso ng brick na binalot ng scotch tape, tatlong (3) piraso ng medium self-sealing transparent plastic, limang (5) piraso ng maliit na heat sealed transparent plastic na naglalaman ng hinihinalang marijuana kabilang ang buy-bust money, isang (1) unit ng skydrive motorcycle na may plate number na NC78101, isang (1) back pack bag, isang (1) pulang eco bag at isang (1) pirasong berdeng plastic bag.

Ang mga nakuhang piraso ng ebidensya (marijuana) ay may kabuuang timbang na humigit kumulang na 4.800 gramo na tinatayang nagkakahalaga ng Php576,000.

Nahaharap sa kasong paglabag sa Sec 5, 11 at 26 ng Art. II of R.A. 9165 ang mga arestadong suspek.

Patunay lamang ito na ang ating mga kapulisan ay patuloy na masigasig sa kampanya kontra iligal na droga upang mas mapanatili na ligtas at maayos ang lugar na ginagalawan ng ating mga mamamayan.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 48 * Nobyembre 27-Disyembre 3, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 2 PWDs sa Cagayan, tumanggap ng bagong wheelchair mula sa kapulisan




**Bakas ang ngiti sa labi ng dalawang (2) Persons with Disability (PWDs) matapos makatanggap ng maagang pamasko na wheelchair mula sa mga kapulisan ng Police Regional Office 2 ngayong araw, Disyembre 2.**

Napiling benepisyaryo sina Lolo Ciriaco Sibal, 73-anyos at Christine Abig, 16-anyos, pawang mga residente ng Cataggaman, Tuguegarao City, Cagayan.

Si Lolo Ciriaco ay isang stroke patient at matagal nang paralisado. Hindi nakapag-asawa si Lolo kung kaya't ang nag-aalaga sa kanya ay ang tatlo (3) niyang kapatid na pawang mga senior citizen din. Umaasa lamang sila sa konting kinikita sa pagbebenta ng gulay at sa tulong ng iba pa nilang kaanak.

Samantala, si Christine naman may Cerebral Palsy. Ulila sa ina ang 16-anyos na dalaga at mag-isang itinataguyod ng kanyang ama na karpintero ang kanilang pang-araw araw na pangangailangan.

Bukod sa wheelchair, namahagi rin ng bigas at grocery items ang mga kapulisan.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga pamilya ng mga benepisyaryo dahil sa tulong na kanilang natanggap. Anila, malaking bagay ito para sa kanila dahil kahit papaano ay nabigyan ng kaginhawan at naibsan ang paghihirap nina Lolo Ciriaco at Christine.

Ang naturang aktibidad ay bahagi ng programang Kapwa Ko, Sagot Ko o Adopt-A-Family Program at Project TASKO (Tutulong Ako Sa Kapwa Ko) ng Police Regional Office 2 at ng Tuguegarao City Police Station.

# BARANGAYanihan, patuloy ang pag-arangkada sa Rehiyon Cordillera





**Patuloy ang pag-arangkada ng BARANGAYANihan sa rehiyon Cordillera hindi lamang sa mga iba't ibang barangay kundi maging sa iba't ibang paaralan at buong pamayanan na nasasakupan nito.**

Kamakailan nga ay nagsagawa ang 1st Ifugao Provincial Mobile Force Company (1st IPMFC) sa ilalim ng pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Cesar D. Mallong, Force Commander sa pakikipag-ugnayan sa 54th Infantry Battalion Philippine Army, Barangay Officials at mga guro ng Ahin Elementary School sa Ahin, Tinoc, Ifugao kung saan sila ay namahagi ng food packs, school supplies at hygiene kits sa mga senior citizens, may kapansanan o PWDs at mga mag-aaral ng nasabing paaralan.

Bukod pa rito, nagsagawa rin sila ng lecture patungkol sa Republic Act 9262 o Violence against Women and their Children (VAWC), parlor games kung saan sila ay nagbigay ng cash prizes sa mga nanalo at pack lunch sa lahat ng mga naging kalahok.

Ayon kay PLtCol Mallong, ang naturang aktibidad ay kaugnay pa rin ng programa ng Pambansang Pulisya na Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan towards National Recovery.

# "Santa Pulis" sa Davao City, nag-carolling at namahagi ng pamasko



**Buong giliw na nag-carolling ang mga "Santa Pulis" ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB) Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Team Paquibato sa pangunguna ni Deputy Regional Director for Administration, PCol Edgar Alan O Okubo sa mga kabahayan kasabay ng pamamahagi ng pamasko sa Sitio Panimbay, Barangay Paquibato Proper, Davao City noong November 26, 2021.**

Nasa 49 na kabahayan ng katutubong Ata ang kanilang nahandugan ng kanta at nabahaginan ng pamaskong food packs at hygiene kits. Sila ay namahagi rin ng 40 packs ng school supplies at 20 loot bags na naglalaman ng sari-saring candies at biscuits para sa mga bata sa nasabing lugar.

"Layunin nito na magpalaganap ng pag-asa, kapayapaan, saya at pagmamahalan sa panahon ng Pasko at upang gunitain ang tunay na diwa ng selebrasyon, ang pagdiriwang ng kapanganakan ni Jesus sa gitna ng pandemya sa tulong ng RMFB11 R-PSB Teams sa pamamagitan ng house-to-house carolling at pagbibigay ng regalo sa mga pamilya sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs) lalo na para sa mga Indigenous People" anya.

Sa nasabing aktibidad ay nadama ng mga kapatid nating katutubong Ata ang diwa ng kapaskuhan dahil sa maagang pamaskong handog ng RMFB 11 R-PSB Teams na kanila namang ipinagpapasalamat ng lubos. Patuloy naman ang grupo sa pagbibigay tulong sa ating mga kababayan sa GIDAs.